AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 67**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 67** |
|---|
| Theme: Mga Pamahiing Pilipino - May Kaluluwa Sa Paruparo |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**MAY KALULUWA SA PARUPARO**

**WRITING PROMPT LESSON 67**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, isang panibagong kwento ang ating matutunghayan at dudugtungan! Handa ka na bang malaman ang isang pamahiing Pilipino? Simulan na natin!

**II.Writing Prompt of the Day**

Ikaw ay naglalaro habang ang iyong lola at nanay ay nagsasampay. Habang ikaw ay naglalaro may umaaligid na paruparo sa iyo. Sinabihan ka ng iyong lola na magdahan-dahan dahil isa daw kaluluwa ang paruparo. Ikaw ay nagtaka sa sinabi ng iyong lola kaya't nang sundan ka ng paruparo sa isang lugar na kayo lang ang naroroon, bigla itong nagsalita at nagsabi:

"Wag mong papaniwalaan yun! Hindi ako kaluluwa! Isa lang akong magandang paruparo." Malungkot na sabi ng paruparo.

Anong sasabihin mo sa paruparo? Dugtungan ang ating kwento.

•Bakit kaya sinasabing may kaluluwa sa mga umaaligid na paruparo? (Ibigay ang iyong opinyon tungkol dito.)
•Maniniwala ka ba sa pamahiin ng mga nakatatanda tungkol sa paruparo? Bakit?
•Kung ikaw ang paruparo, anong mararamdaman mo kung ikaw ay sabihang isang kaluluwa?
•Bakit mahalaga ang maging dahan-dahan kahit saan tayo naroroon?
•Anong maipapayo mo sa malungkot na paruparo?

**III.Teacher's Message**
Sagutin ang mga tanong upang mabuo ang kwento. Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."